

**PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG TUNGKOL SA IPINANUKALANG  
PAGBEBENTA NG VERITY HEALTH SYSTEM, ST. FRANCIS MEDICAL  
CENTER, ST. VINCENT MEDICAL CENTER, SETON MEDICAL CENTER, AT  
SETON COASTSIDE**

Sinusuri ng Attorney General ang ipinanukalang pagbebenta ng St. Francis Medical Center, isang ospital para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga (acute care) na may 314 na lisensiyadong kama at matatagpuan sa Lynwood, California, ng St. Vincent Medical Center, isang ospital para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga na may 339 na lisensiyadong kama at matatagpuan sa Los Angeles, California, ng Seton Medical Center, isang ospital para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga na may 250 lisensiyadong kama at matatagpuan sa Daly City, California, at ng Seton Coastside, isang ospital para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga na may 5 lisensiyadong kama at pasilidad para sa pangangalaga ng mga sinanay na nars (skilled nursing facility) na may 116 na lisensiyadong kama, na matatagpuan sa Moss Beach, California. Ang “Kasunduan Para sa Pagbili ng Ari-Arian” (Asset Purchase Agreement) ay sa pagitan ng Verity Health System of California, Inc., isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, Verity Holdings, LLC, isang kompanya na may limitadong pananagutan sa California, St. Francis Medical Center, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, St. Vincent Medical Center, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, St. Vincent Dialysis Center, Inc., isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, at Seton Medical Center, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, bilang Mga Tagabenta, at Strategic Global Management, Inc., isang korporasyong pangkalakal sa California bilang Tagapamili. Ang ipinanukalang transaksyon ng hindi pangkalakal na ospital ay sinusuri sa ilalim ng seksiyon 5914 at mga sumusunod na seksiyon nito sa ilalim ng Kodigo ng Mga Korporasyon (Corporations Code), at sinusuri sa ilalim ng Titulo 11 ng Kodigo ng Mga Regulasyon ng California (California Code of Regulations), Seksiyon 999.5, subdibisyon (h) bilang kahilingan para baguhin ang mga dating Kondisyong inilabas ng Attorney General noong Disyembre 3, 2015.

Ang mga tuntunin ng ipinanukalang pagbebenta ay nakalahad sa nakasulat na abiso sa Attorney General. Kung nais mong humiling ng kopya ng nakasulat na abiso sa CD, mangyaring makipag-ugnayan kay Scott Chan sa [scott.chan@doj.ca.gov](mailto:scott.chan@doj.ca.gov) o 415-510-3430 at ibigay ang iyong pangalan at address na papadalan ng sulat. Maaari ding suriin ang mga kopya ng nakasulat na abiso tuwing regular na oras ng negosyo sa mga sumusunod na lokasyon:

Verity Health System Mga Tanggapan ng Korporasyon Administrasyon – Jessica Davis 2040 E Mariposa Avenue El Segundo, CA 90245	Verity Health System Mga Tanggapan ng Korporasyon Administrasyon – Jessica Davis 2040 E Mariposa Avenue El Segundo, CA 90245
St. Francis Medical Center Administrasyon Tanggapan ng CEO - Stephanie Kopp Medical Office Plaza 3628 E. Imperial Hwy, Suite 400 Lynwood, CA 90262	St. Vincent Medical Center Administrasyon Tanggapan ng CEO - Robert Yesko 2131 W 3rd St. Los Angeles, CA 90057
Seton Medical Center Administrasyon Tanggapan ng CEO 1900 Sullivan Ave Daly City, CA 94015	Seton Medical Center – Coastside Mga Administratibong Tanggapan 600 Marine Blvd Moss Beach, CA 94038

Mahahanap din ang mga kopya ng nakasulat na abiso sa mga sumusunod na website:

<https://verity.org/>

<https://seton.verity.org/SMC/>

<https://setoncoastside.verity.org/SMCC/>

<https://stfrancis.verity.org/SFMC/>

<https://stvincent.verity.org/SVMC/>

Noong Agosto 31, 2018, naghain ang Verity Health System of California, Inc. at ilan sa mga kaakibat nito ng kani-kanilang boluntaryong petisyon para sa kaluwagan (petition for relief) sa ilalim ng kabanata 11 ng titulo 11 ng Kodigo ng Estados Unidos (United State Code), at lahat ng mga dokumentong kaugnay sa mga kaso ng bankruptcy (pagkabangkarote), kabilang ang mga elektronikong kopya ng mga nakasulat na abisong nabanggit sa itaas, ay mahahanap sa sumusunod na website : [www.kccllc.net/verityhealth/](http://www.kccllc.net/verityhealth/)

Magsasagawa ang Attorney General ng California ng mga pampublikong pagpupulong simula 10:00 am sa mga sumusunod na petsa:

Sa Agosto 29, 2019, sa Colma Community Center, 1520 Hillside Blvd., Colma, CA 94014.

Sa Agosto 30, 2019, sa Mavericks Event Center, 107 Broadway, Half Moon Bay, CA 94019.

Ang layunin ng pampublikong pagpupulong ay para makatanggap ng mga komento tungkol sa ipinanukalang pagbebenta ng mga ospital at pasilidad na pangkalusugan at para isaalang-alang ang Mga Pahayag ng Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Impact Statements) na inihanda ng mga tagapayo na sinangguni ng Attorney General ng California. Bago ang pampublikong pagpupulong, ang Mga Pahayag ng Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan ay maaaring mahanap sa website ng Attorney General ng California sa <http://www.oag.ca.gov/charities/nonprofithosp>.

Maaari at hinihikayat na sabihin ng mga tao ang kanilang mga pananaw tungkol sa ipinanukalang transaksyon sa Tanggapan ng Attorney General ng California, sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [scott.chan@doj.ca.gov](mailto:scott.chan@doj.ca.gov), sa pamamagitan ng facsimile (eksaktong kopya ng orihinal) sa (415) 510-3430, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng kopya kay Scott Chan, Deputy Attorney General, sa 455 Golden Gate Avenue, Suite 11000, San Francisco, CA 94102 Ang huling araw para sa pagtanggap ng mga nakasulat na komento ay sa Agosto 30, 2019.